# Ukol sa Sistema ng Long-term Care Insurance

## Alalayan ang long-term care sa lipunan, at pagaanin ang ligalig sa pagtanda

Itinatag ang sistema ng long-term care insurance noong 2000, sa background ng pagsulong ng pagdami ng matatanda at nukleyar na pamilya, problema sa pag-alis sa trabaho para sa long-term care at iba pa, sa layuning maalalayan ng buong lipunan ang long-term care. Sa kasalukuyan, ginagamit ito ng mga 6.90 milyong katao, at napatibay ito bilang sistemang umaalalay sa mga matatandang nangangailangan ng long-term care.

Ang pagsapi sa long-term care insurance ay nagsisimula sa 40 anyos pataas. Para sa mga taong 40 hanggang 64 anyos, dagdag sa pagtaas ng posibilidad na mangailangan din sila mismo ng long-term care dahil sa sakit na sanhi ng pagtanda, panahon din ito kung kalian tumatanda din ang sarili nilang magulang at tataas ang posibilidad na mangailangan sila ng long-term care. Para rin masuportahan ng buong lipunan ang long-term care na sanhi ng pag-aalala sa pagtanda, ang mga taong 40 anyos pataas ay hinihiling na magbayad ng insurance.

## Kasapi sa Long-Term Care Insurance (Taong nakaseguro)

Nahahati ang taong nakaseguro sa long-term care insurance sa taong 65 anyos pataas (Taong nakaseguro blg. 1), at taong kasapi sa medical insurance na 40 anyos hanggang 64 anyos (Taong nakaseguro blg. 2). Maaaring tumanggap ng serbisyo ng long-term care ang Taong nakaseguro blg. 1 kapag nakatanggap ng pagkilala bilang taong kailangan ng long-term care o pagkilala bilang taong kailangan ng suporta anuman ang naging sanhi nito. Maaari namang tumanggap ng serbisyo ng long-term care ang Taong nakaseguro blg. 2 kapag nakatanggap ng pagkilala bilang taong kailangan ng long-term care (taong kailangan ng suporta) na sanhi ng sakit (partikular na sakit*) na kaakibat ng pagtanda.

| | Mga taong 65 anyos pataas<br>(Taong nakaseguro blg. 1) | Mga taong 40 anyos hanggang 64 anyos<br>(Taong nakaseguro blg. 2) |
|---|---|---|
| Mga taong sakop | Mga taong 65 anyos pataas  | Taong 40 anyos hanggang 64 anyos na kasapi sa medical insurance tulad ng Health Insurance Society, Japan Health Insurance Association, National Health Insurance ng munisipyo at iba pa<br>(Awtomatikong matatamo ang kwalipikasyon kapag naging 40 anyos, at awtomatikong magbabago sa Taong nakaseguro blg. 1 kapag naging 65 anyos.)  |
| Kondisyon sa pagtanggap | - Kalagayan na kailangan ng long-term care<br>- Kalagayan na kailangan ng suporta | - Para lamang kung dahil sa sakit (partikular na sakit*) na dulot ng pagtanda ang kalagayan na kailangan ng long-term care (kailangan ng suporta). |
| Paraan ng pagkolekta ng bayad sa insurance | - Kokolektahin ng munisipyo at special ward<br>(Sa patakaran, ibabawas mula sa pensyon)<br>- Sisimulan ang pagkolekta sa buwan kung kailan naging 65 anyos | - Kokolektahin nang buo kasama ng bayad sa medical insurance<br>(Para sa kasapi sa health insurance, sa patakaran, 1/2 ang papasanin ng may-ari ng negosyo)<br>- Sisimulan ang pagkolekta sa buwan kung kailan naging 40 anyos |

### * Ang Partikular na Sakit

| | |
|---|---|
| 1 Kanser (Para lamang sa mga kaso kung saan tinukoy ng doktor, batay sa karaniwang kinikilalang kaalamang medikal, na wala nang pag-asang gumaling) | 9 Spinal canal stenosis |
| 2 Rheumatoid arthritis | 10 Progeria |
| 3 Amyotrophic lateral sclerosis | 11 Multiple system atrophy |
| 4 Ossification of the posterior longitudinal ligament | 12 Diabetic neuropathy, diabetic nephropathy at diabetic retinopathy |
| 5 Osteoporosis na may kaakibat na pagkabali ng buto | 13 Cerebrovascular disease |
| 6 Presenile dementia | 14 Arteriosclerosis obliterans |
| 7 Progressive supranuclear palsy, corticobasal degeneration at Parkinson's disease | 15 Chronic obstructive pulmonary disease |
| 8 Spinocerebellar degeneration | 16 Osteoarthritis na may kaakibat na malalang pagkasira ng anyo ng kasukasuan ng dalawang tuhod o ng balakang |

## Bayad sa Long-term Care Insurance ng Taong Nakaseguro Blg. 2

### 1. Bayad sa insurance ng blg. 2 ng taong kasapi sa health insurance


Kokolektahin nang buo kasama ng bayad sa health insurance ang bayad sa long-term care insurance na papasanin ng taong nakaseguro blg. 2 na sasapi sa health insurance. Katulad din ng bayad sa medical insurance, sa patakaran, tig-kakalahati (1/2) ang taong nakaseguro at may-ari ng negosyo sa pasanin ng long-term care insurance.

### 2. Bayad sa insurance ng blg. 2 ng taong kasapi sa National Health Insurance

Tungkol sa bayad sa long-term care insurance na papasanin ng taong nakaseguro blg. 2 na kasapi sa National Health Insurance, kokolektahin ito nang buo kasama ng bayad sa National Health Insurance.

## Nagpapatakbo (Tagaseguro) at Pagtustos sa Long-term Care Insurance

Ang mga munisipyo at special ward (unyon sa malawakang pook kung nagtalaga ng unyon sa malawakang pook) ang tagaseguro ng long-term care insurance. Kasabay ng paglalaan ng 70-90 porsyento ng gastusin sa serbisyo ng long-term care, kinokolekta ng tagaseguro ng long-term care insurance ang bayad sa insurance ng taong nakaseguro blg. 1, at pinatatakbo ang pagtustos sa long-term care insurance. Sinasabing pampublikong pondo ang 50 porsyento, at bayad sa insurance ang 50 porsyento (sa kasalukuyan 23% ang bayad sa insurance ng blg. 1, at 27% ang bayad sa insurance ng blg. 2) ng pinagmumulan ng pantustos.




## Ukol sa Pangunahing Serbisyo ng Long-term Care na Maaaring Gamitin

(Para sa mga detalye, magtanong lamang sa munisipyo o sa community general support center ng inyong tirahan)

| | | |
|---|---|---|
| Serbisyong magagamit sa sariling bahay | Long-term care na pagdalaw | Serbisyo ito ng pagsasagawa ng dumadalaw na caregiver (home helper) ng long-term care tulad ng pagpapaligo, pagpapadumi, pagpapakain at iba pa, pagluluto, paglalaba, paglilinis at iba pang gawaing bahay. |
| | Nursing care na pagdalaw | Serbisyo ito kung saan maaaring mag-rent ng welfare equipment (wheelchair, bed at iba pa) na makatutulong sa araw-araw na pamumuhay at long-term care. |
| | Pagpapahiram ng welfare equipment | Serbisyo ito ng pagsasagawa ng nars atbp. ng pag-aalaga para sa kalinisan, pag-aalaga para sa pagpapadumi at iba pang tulong sa araw-araw na pamumuhay at paghahandog ng kailangang paggamot sa ilalim ng utos ng doktor, upang makapamuhay at magpagaling sa sariling bahay. |
| Serbisyong magagamit sa pasilidad atbp. nang balikan lang | Pagpunta sa lugar para sa long-term care (day service) | Naghahandog ng balikan lang na suporta sa pagkain, paliligo at iba pa, function training para mapanatili/mapabuti ang function ng isip at katawan, serbisyo ng pagpapabuti ng oral function at iba pa. |
| | Pagpunta sa lugar para sa rehabilitation (day care) | Serbisyo ito kung saan nagsasagawa ng rehabilitation ang physical therapist, occupational therapist, speech-language-hearing therapist at iba pa sa pasilidad o ospital at iba pa, upang makatulong sa kasarinlan sa araw-araw na pamumuhay, na nagsisikap para sa pagpapanatili o panunumbalik ng function ng isip at katawan ng taong gumagamit. |

| | | |
|---|---|---|
| Serbisyo habang nanunuluyan | Pagtira sa maikling panahon para sa long-term care sa pamumuhay (short stay) | Serbisyo ito ng pagsasagawa ng suporta sa pagkain, paliligo at iba pa, suporta ng function training para mapanitili/mapabuti ang function ng isip at katawan habang nanunuluyan sa pasilidad at iba pa sa maikling panahon. Maaaring magsikap para sa pagpapagaan ng pasanin ng pamilya sa long-term care. |
| Serbisyong pantirahan | Long-term care sa pamumuhay ng taong nakatira sa tiyak na pasilidad | Maaaring gamitin ng matandang nakatira sa may-bayad na home for the aged at iba pa, ang serbisyo ng suporta at long-term care sa araw-araw na pamumuhay. |
| Serbisyong pampasilidad | Home for the aged para sa bukod-tanging pag-aalaga | Pumapasok dito ang taong palaging kailangan ng long-term care at mahirap ang long-term care sa sariling bahay. Naghahandog ng pagpapakain, pagpapaligo, pagpapadumi at iba pang long-term care sa kabuuan. (*Sa patakaran, sakop ang taong kailangan ng long-term care level 3 o higit pa) |
| | Pasilidad sa pangangalaga ng kalusugan ng mga matatandang kailangan ng long-term care | Pumapasok dito ang mga taong nangangailangan ng suporta upang patuloy silang makapamuhay sa sarili nilang tahanan. Ang pasilidad na ito ay nagbibigay ng mga kinakailangang serbisyong medikal tulad ng nursing care, long-term care, rehabilitasyon, pati na rin ang tulong sa araw-araw na pamumuhay. |
| Small-scale multifunction in-home long-term care | | Serbisyo ito ng pagsasagawa ng suporta sa araw-araw na pamumuhay at function training, pinagsasama ang "panunuluyan" sa maikling panahon, "pagdalaw" sa bahay ng taong gumagamit, na nakasentro sa "pagpunta" sa pasilidad, ayon sa pagpili ng taong gumagamit. |
| Long-term care at nursing care na regular na pagdalaw / kung kailan kailangan | | Serbisyo ito na flexible na naghahandog ng kinakailangang serbisyo 24 oras, 365 araw sa timing na kailangan, ayon sa kalagayan ng isip at katawan ng taong gumagamit, tulad ng regular na pagdalaw, pagtugon sa pagtawag kung kailan kailangan at iba pa. Dahil hindi lamang sa dumadalaw na caregiver, kundi nakikipag-ugnayan din sa nars at iba pa, maaaring tumanggap ng paghahandog ng buong serbisyo ng long-term care at nursing care. |

# Paraan ng Paggamit ng Serbisyo ng Long-term Care

Kung kakailanganin ninyo mismo o ng inyong pamilya ng long-term care, upang magamit ang serbisyo ng long-term care, kinakailangang tumanggap ng pagkilala bilang taong kailangan ng long-term care (kailangan ng suporta). Katulad ng sumusunod ang daloy ng kongkretong proseso.

## ① Mag-aapply

Mag-aapply para sa "Pagkilala bilang taong kailangan ng long-term care (kailangan ng suporta)" sa tanggapan ng munisipyo ang taong nagnanais gumamit ng serbisyo ng long-term care (Maaaring kahaliling nagsasagawa ng proseso sa community general support center (tingnan ang nakasulat sa ibaba) at iba pa). Kinakailangan sa oras ng pag-apply ang "Sertipiko ng taong nakaseguro sa long-term care insurance" para sa Taong nakaseguro blg. 1, at ang "Sertipiko ng taong nakaseguro sa medical insurance" para sa Taong nakaseguro blg. 2.

## ② Isasagawa ang pagsisiyasat, pagpapasya at iba pa para sa pagkilala ng taong kailangan ng long-term care, at ipapaalam ng resulta ng pagkilala

■ **Pagsisiyasat para sa pagkilala / Kasulatan ng opinyon ng pangunahing doktor**

Dadalaw sa bahay ang tagapagsiyasat para sa pagkilala tulad ng opisyal ng munisipyo at iba pa, at isasagawa ang pagsisiyasat tulad ng pagtatanong at iba pa tungkol sa kalagayan ng isip at katawan sa mismong tao at sa kanyang pamilya. Pareho sa buong bansa ang nilalaman ng pagsisiyasat. Direktang ipapagawa ng munisipyo sa pangunahing doktor (regular na doktor) ang kasulatan ng opinyon tungkol sa isip at katawan mula sa medikal na pananaw (direktang pakiusap mula sa munisipyo).

■ **Pagsusuri / Pagpasya**

Batay sa resulta ng pagsisiyasat tungkol sa pagkilala at kasulatan ng opinyon ng pangunahing doktor, susuriin sa "Pagpupulong sa pagsusuri tungkol sa pagkilala para sa long-term care" ng mga akademiko sa kalusugan/welfare/medisina, at pagpapasyahan kung gaanong long-term care ang kailangan. Kailangan ng long-term care level 1-5 ang antas ng kailangan ng long-term care, o kailangan ng suporta level 1 o 2.

Para naman sa Taong nakaseguro blg. 2, kikilalanin kung sumasailalim sa kalagayang kailangan ng long-term care (kailangan ng suporta) at dahil sa "partikular na sakit (tingnan ang p. 1)" ang kalagayang iyon.

■ **Resulta ng pagkilala**

Sa patakaran, ipapaalam ang resulta ng pagkilala mula sa munisipyo sa loob ng 30 araw mula sa pag-apply.

## ③ Gagawa ng care plan

Para sa taong kinilala bilang kailangan ng long-term care level 1-5, kung gagamit ng serbisyo ng long-term care habang nasa bahay, makikipagkontrata sa kumpanya ng pambahay na suporta sa long-term care, papakiusapan ang care manager ng kumpanyang iyon, pagpapasyahan ang serbisyong gagamitin, at ipapagawa ang plano ng serbisyo ng long-term care (care plan). Kung nagnanais pumasok sa pasilidad, direktang mag-aapply sa nais na pasilidad. Para sa taong kinilala bilang kailangan ng suporta level 1 o 2, makikipagkontrata sa kumpanyang magbibigay ng suporta upang maiwasan ang long-term care, at ang mga tauhan ng kumpanyang iyon ay gagawa ng plano sa serbisyo upang maiwsan ang long-term care (long-term care prevention care plan).

## ④ Gagamit ng serbisyo

Ipapakita sa kumpanya ng serbisyo ang "Sertipiko ng taong nakaseguro sa long-term care insurance" at "Sertipiko ng porsyento ng pasanin sa long-term care insurance," at gagamit ng serbisyong pambahay o serbisyong pampasilidad batay sa care plan. Ang pasanin ng taong gumagamit batay sa care plan ay 10-30 porsyento* ng gastusin.

*Para sa taong nakaseguro blg. 1 na 65 anyos pataas, 10 porsyento ang kanilang babayaran maliban sa mga sumusunod (para sa taong nakaseguro blg. 2, 10 porsyento ang kanilang babayaran magkano man ang kanilang kita)

・20 porsyento ang babayaran ng taong may "1.6 milyong yen pataas ang halaga ng kabuuang kita" at "2.8 milyong yen pataas ang halaga ng kabuuang kita mula sa pensiyon at iba pang pinagkakakitaan (3.46 milyong yen para sa dalawang o pataas na taong nakaseguro blg. 1)

・30 porsyento ang babayaran ng taong may "2.2 milyong yen pataas ang halaga ng kabuuang kita" at "3.4 milyong yen pataas ang halaga ng kabuuang kita mula sa pensiyon at iba pang pinagkakakitaan (4.63 milyong yen para sa dalawang o pataas na taong nakaseguro blg. 1)

*Bukod dito, may mga serbisyo upang maiwasan ang long-term care at suporta sa araw-araw na pamumuhay na magagamit din ng mga hindi kinikilala bilang taong kailangan ng long-term care (kailangan ng suporta).

# Ang Community General Support Center

## 1. Sinusuportahan ang kalusugan, kapanatagan ng loob, pamumuhay ng mga tao sa pamayanan

Institusyon ito para sa masaklaw na pagsuporta mula sa larangan ng kalusugan, medisina at welfare, upang malusog at panatag ang loob na makapamuhay ang matatanda sa pamayanan. Pampubliko itong pinatatakbo ng munisipyo o samahang pinagkatiwalaan ng munisipyo, at nakatalaga ang 1 o higit pa sa bawat munisipyo.

Maaaring magkonsulta nang panatag ang loob tungkol sa ligalig o problema tungkol sa long-term care, at libre ang konsultasyon/suporta. Tiyakin lamang ang community general support center sa pamayanan ng inyong tirahan sa website ng munisipyo at iba pa. (Maaaring magkaiba ang pangalan ng community general support center ayon sa pamayanan)

## 2. Tumutugon nang malawakan sa mga bagay kaugnay sa pamumuhay ng matandang kapamilya, long-term care, problema sa pagbabalanse sa trabaho at iba pa

Sa community general support center, mayroong staff tulad ng public health nurse, lisensyadong social worker, chief care manager at iba pang espesyalista sa medisina, welfare at long-term care. Pinakikinabangan ang larangang pinagkakadalubhasaan at nagtutulungan, at ayon sa nilalaman ng konsultasyon, ipinapaliwanag ang buod ng sistema, ipinapaalam ang tanggapang pangkonsultasyon at iba pa, nagmumungkahi ng kongkretong paraan ng paglutas. At kung kinakailangan, makikipag-ugnayan kami sa mga kaugnay na ahensya upang matulungan kayong makatanggap ng serbisyo ng long-term care at iba't ibang suporta.

*Kung may ligalig tungkol sa long-term care para sa sarili o sa pamilya, huwag mag-atubiling magkonsulta sa community general support center ng munisipyo ng inyong tirahan. Isa rin sa mga tungkulin ng community general support center ang pagpapabuti ng kalusugan ng mga matatanda sa komunidad, pagprotekta ng kanilang mga karapatan, at paglikha ng isang komportableng komunidad.



# Tungo sa Pagbabalanse ng Trabaho at Long-term Care

ひと、くらし、みらいのために
厚生労働省
Ministry of Health, Labour and Welfare

Sinasabing sa kasalukuyan, mga 100 libong katao ang umaalis sa trabaho taon-taon dahil sa long-term care.

Tungo sa pagbabalanse ng trabaho at long-term care, ang pamahalaan ay nagsusumikap upang matiyak na mayroong mga kinakailangang serbisyo sa long-term care at lumikha ng kapaligiran sa trabaho kung saan madaling magamit ang mga benepisyo tulad ng pagkuha ng leave para sa long-term care.

## Sistema para sa pagbabalanse ng trabaho at long-term care

Ipinapakilala dito ang bahagi ng sistemang nakatakda sa Batas hinggil sa Pagliban sa Trabaho para sa Pag-aalaga ng Sanggol/Long-term Care. Para sa mga detalye ng batas, sanggunian lamang ang "Buod ng Batas hinggil sa Pagliban sa Trabaho para sa Pag-aalaga ng Sanggol/Long-term Care" (nakasulat sa "Pangunahing Masasangguniang URL" ang mga detalye), o magkonsulta sa Employment Environment and Equal Employment Department (Office) ng Prefectural Labour Bureau. At tungkol sa sistema sa lugar na pinagtatrabahuhan, magkonsulta lamang sa namamahala sa personnel/general affairs sa lugar na pinagtatrabahuhan.

Ang panahon ng paggamit ng leave para sa long-term care ay itinuturing bilang "preparasyon ng sistema para magkaroon ng balanse sa pagitan ng trabaho at long-term care". Maaari din gamitin ang panahon ng paggamit ng leave bilang preparasyon para makatanggap ng serbisyo sa long-term care insurance upang itaguyod ang sistema para magkaroon ng balanse sa pagitan ng trabaho at long-term care.

### 1. Sistema ng Pagliban sa Trabaho para sa Long-term Care

Sistema ito kung saan maaaring lumiban sa trabaho na maihahati hanggang 3 beses, hanggang sa total na 93 araw tungkol sa 1 miyembro ng pamilyang kailangan ng long-term care, at maaari itong gamitin sa pamamagitan ng pagbibigay-alam sa kumpanya mula sa manggagawa.

At sa loob ng panahon ng pagliban sa trabaho para sa long-term care, kung matupad ang kondisyon, ibibigay ang 67% ng sahod bago ng pagliban mula sa employment insurance (benepisyo ng pagliban sa trabaho para sa long-term care).

### 2. Sistema ng Long-term Care Leave

Bukod sa pagliban sa trabaho para sa long-term care at taunang paid leave, maaaring mag-leave sa unit na 1 araw o kalahating araw, hanggang 5 araw sa 1 piskal na taon para sa 1 miyembro ng pamilyang kailangan ng long-term care, hanggang 10 araw sa 1 piskal na taon kung 2 o higit pa ang miyembro ng pamilyang sakop dito, at maaari itong gamitin sa pamamagitan ng pagbibigay-alam sa kumpanya mula sa manggagawa.

### 3. Sistema ng Pinaikling Oras ng Trabaho at iba pa para sa Long-term Care

Nakatakdang kinakailangang gumawa ng may-ari ng negosyo ng alinman sa sumusunod na sistemang a-d (sistemang maaaring gamitin 2 beses o higit pa sa loob ng 3 taon mula sa pagsisimula ng paggamit para sa 1 miyembro ng pamilyang kailangan ng long-term care).

a. Sistema ng pinaikling oras ng trabaho: Sistema ng pagsasagawa ng pagpapaikli ng oras ng trabaho o araw ng trabaho sa unit ng araw, unit ng linggo, unit ng buwan at iba pa.

b. Sistema ng flex time: Sistema kung saan itatakda ang kabuuang oras ng pagtatrabaho sa takdang panahon sa loob ng 3 buwan, at pagpapasyahan ng bawat manggagawa ang oras ng pagsisimula/pagtatapos ng trabaho sa loob ng saklaw noon.

c. Sistema ng pag-urong ng oras ng pagpasok: Sistema kung saan hindi babaguhin ang oras ng pagtatrabaho sa 1 araw, gagawing maaga o atrasado ang takdang oras ng pagsisimula ng trabaho at oras ng pagtatapos ng trabaho.

d. Tulong sa gastusin sa serbisyo ng long-term care na magagamit ng manggagawa at iba pang sistemang naaalinsunod dito

### 4. Limitasyon sa Di-takdang Pagtatrabaho para sa Long-term Care (Sistema ng Exemption sa Overtime)

Sistema ito ng exemption sa overtime na maaaring gamitin hanggang matapos ang long-term care, at maaari itong gamitin sa pamamagitan ng pagbibigay-alam sa kumpanya mula sa manggagawa.

## Ukol sa Tanggapang Pangkonsultasyon sa Long-term Care atbp.

**Mapagtatanungan**

- Dibisyong namamahala sa long-term care insurance sa munisipyo: Pangkalahatang konsultasyon kaugnay sa long-term care, proseso kung gagamitin ang long-term care insurance at iba pa
- Community general support center: Problema kaugnay sa araw-araw na pamumuhay ng matatanda, konsultasyon kaugnay sa pag-iwas sa long-term care at iba pa
- Employment Environment and Equal Employment Department (Office) ng Prefectural Labour Bureau: Konsultasyon kaugnay sa Batas hinggil sa Pagliban sa Trabaho para sa Pag-aalaga ng Sanggol/Long-term Care at iba pa
- Hello Work: Proseso ng pag-apply para sa benepisyo ng pagliban sa trabaho para sa long-term care at iba pa
- Coordinator ng suporta para sa early onset dementia: Konsultasyon kaugnay sa early onset dementia at iba pa

**Pangunahing Masasangguniang URL**

| | |
|---|---|
| Buod ng Sistema ng Long-term Care Insurance | https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/hukushi_kaigo/kaigo_koureisha/gaiyo/index.html<br>Ang paliwanag tungkol sa buod ng sistema ng long-term care insurance ay nasa website ng Ministry of Health, Labour and Welfare. |
| Sistema ng Paghahayag sa Publiko ng Impormasyon sa Serbisyo ng Long-term Care | https://www.kaigokensaku.mhlw.go.jp/<br>Maaaring hanapin ang community general support center, at kumpanya ng serbisyo ng long-term care. |
| Pampamayanang Tanggapan sa Long-term Care | https://www.wam.go.jp/content/wamnet/pcpub/kaigo/madoguchi/<br>Ipinahahayag sa publiko ang mga tanggapan kaugnay sa long-term care ng mga munisipyo. |
| Buod ng Batas hinggil sa Pagliban sa Trabaho para sa Pag-aalaga ng Sanggol / Long-term Care | https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/000103504.html<br>Pinagtipon sa pamphlet ang buod ng pagliban sa trabaho para sa pag-aalaga ng sanggol/long-term care, empleyadong sakop dito, paraan ng proseso at iba pa. |
| Ukol sa Benepisyo ng Pagliban sa Trabaho para sa Long-term Care | https://www.hellowork.mhlw.go.jp/insurance/insurance_continue.html<br>Pinagtipon ang kondisyon sa pagtanggap ng benepisyo ng pagliban sa trabaho para sa long-term care, paraan ng pag-apply at iba pa. |
| Guideline para sa mga tagapamahala ng suporta para sa pagbabalanse ng trabaho at long-term care | https://www.meti.go.jp/policy/mono_info_service/healthcare/kaigo/kaigo_guideline.html<br>Tinutukoy dito ang mga dahilan kung bakit kailangan na ang tagapamahala ng kumpanya ang mangunguna sa pagsuporta sa pagkakaroon ng balanse sa pagitan ng trabaho at long-term care, pati na rin ang mga pangunahing hakbang sa pagpapatupad nito. |
| Call Center tungkol sa Early Onset Dementia | https://y-ninchisyotel.net/<br>Pinagtipon ang tanggapang pangkonsultasyon kaugnay sa early onset dementia at suporta para sa early onset dementia. |